

# Strong Minds Western NSW

## (Mga Malalakas na Pag-iisip ng Western NSW)

**Kami ay matapat sa nagtitiyak na ang aming mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at kapakanan ay makakamtan ng mga komunidad na magkakaiba ang kultura at wika sa Australya. Ang aming mga doktor (clinician) ay sinanay sa pagbibigay ng mga serbisyong naaangkop sa kultura na maaaring suportahan ka sa iyong pangkaisipang kalusugan.**

Ang Strong Minds Western NSW ay nagbibigay ng paggamit sa libre at mabisang suporta sa pangkaisipang kalusugan para sa mga taong may edad na 12 taon at mahigit pa, na ninirahan sa rehiyunal, bukirin at liblib na lugar sa NSW.

### Paano ko magamit ang Strong Minds Western NSW?

Upang magamit ang serbisyong ito:

- Hingin sa iyong GP ng gumawa ng isang Mental Health Treatment Plan
- Hingin sa iyong GP na magkumpleto ang isang “referral form” na makukuha mula sa [marathonhealth.com.au/strong-minds-western](http://marathonhealth.com.au/strong-minds-western) at ipadala niya ito at ang Mental Health Treatment Plan sa Marathon Health Centralised Intake secure email [mental.health@marathonhealth.com.au](mailto:mental.health@marathonhealth.com.au)
- Para sa mga bata na wala pang 12 taong gulang, ang isang Child Treatment Plan ay maaaring makumpleto sa halip ng isang Mental Health Treatment Plan – ang mga referral ng bata ay dapat napirmahan at pinapayagan ng isang magulang o tagapag-alaga.

### Tungkol sa Marathon Health

Ang Marathon Health ay isang hindi tumutubong (not-for-profit), nakarehistrong kawanggawa na may pananaw na nagbibigay-daan sa mga komunidad na umunlad sa pamamagitan ng pinahusay na kalusugan at kapakanan. Kami ay isa sa ilang mga samahang pangkalusugan na nakabase sa mga kanayunan ng Australya na pangunahing hangarin ang paunlarin at maihatid ang mga serbisyong pangkalusugan at kapakanan sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa mga komunidad. Kami ay masigasig na tagapagtaguyod para sa pantay na paggamit sa de-kalidad na mga serbisyong pangkalusugan para sa mga tao saan man sila gustong manirahan.

### Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Strong Minds Western NSW

Tumawag sa 6826 5271

Mag-email sa [mental.health@marathonhealth.com.au](mailto:mental.health@marathonhealth.com.au)

HINDI ito isang serbisyo sa krisis – para sa tulong sa sitwasyon ng krisis, tawagan ang Mental Health Line sa 1800 011 511 o kung ang isang buhay ay nanganganib, tumawag kaagad sa triple zero (000).

Ang serbisyong ito ay sinusuportahan ng pagpopondo mula sa Western NSW PHN sa pamamagitan ng programa ng PHN ng Pamahalaan ng Australya.

1300 402 585

[marathonhealth.com.au](http://marathonhealth.com.au)

Ang serbisyong ito ay pinondohan ng:

**phn**  
WESTERN NSW

An Australian Government Initiative

**marathon**  
**health**  
Better healthcare. closer to home